

# CHAPTER *One*

*N*as'an na ba kasi si Armand? Naiinis na pinasadahan ni Amanda Vergara ang kabuuan ng restaurant kung saan ginaganap ang engagement party nila ng taong hinahanap niya. Pag-aari ng pamilya ng lalaki ang lugar.

Magalang siyang nagpaumanhin sa isa sa mga pinsan ng ina nito na nakikipagkuwentuhan sa kanya. Mabibilis ang hakbang na tinungo niya ang daan patungo sa opisina ni Armand. Napatigil siya sa paghakbang nang marinig mula sa silid ng nakasarang pinto ang paglagpak ng babasaging bagay sa sahig.

Kapag stressed, may pagkamainitin ang ulo

ng fiancé. Nakita na niya ito na dating ibinato ang unang gamit na nahagip ng mga mata nito. Nagkaproblema na naman siguro ito sa shipment ng mga ingredients galing China. Kumatok siya bago pinihit ang seradura ng pinto.

Nanigas siya sa kinatatayuan nang makita ang itinuturing niyang protégé na nakapulupot ang mga binti sa baywang ng kanyang magaling na fiancé, ang mga kamay nito ay abala sa pagbababa ng zipper ng lalaki. Walang pakialam ang dalawa sa ilang piraso ng bubog na nagkalat sa sahig para mailabas ang init ng katawan.

“Mukhang may sarili kayong party, ah,” naniningkit ang mga matang sabi niya sa mababang tinig.

Agad na naghiwalay ang dalawa at ibinutones agad ng beinte-uno años na assistant niya ang blusa nito bago tumayo sa pagkakaupo nito sa mesa.

Walang salita at taas ang noo na nilampasan siya nito habang papalabas ito ng pinto. Hindi na nga humingi ng paumanhin, ni wala pang bahid ng pagkakonsyensya ang babae sa pang-aahas sa mapapangasawa niya. Halos mapanganga siya sa kapal ng mukha nito.

“I can explain,” ani Armand habang maingat na

lumalapit sa kanya.

“At ano naman ang paliwanag mo? Nawawala ang butones ng blouse niya at baka tumalsik papasok sa zipper ng pantalon mo kaya hinahanap niya nang dumating ako?” maanghang na pambabara niya. Purong galit pa lang ang nararamdaman niya noong mga sandaling iyon at habang lumiliit ang distansya nila ng lalaki ay lalong sumisidhi ang nararamdaman niya.

“We’re over.” Tinalikuran na ito ni Amanda, hindi niya ito bibigyan ng pagkakataon na bilugin ang ulo niya. Dahil kapag lalo pa siyang ginawang tanga nito, baka ipukpok na niya sa ulo nito ang natitira pang mga water globe sa shelf na siya mismo ang nag-uwi rito mula sa mga bansang pinuntahan niya.

“Come on, Amanda. Don’t make a big deal out of this. Nothing happened,” habol nito habang hawak ang itaas na bahagi ng braso niya.

“It’s appalling that you think what I saw falls under the category of nothing happened.”

Ipinaibabaw niya ang braso sa braso nito. Wala pang isang segundo ay hawak na niya ang kamay nito at idinidiin na niya ang siko sa ibabang bahagi ng braso nito. Nanlaki ang mga mata nito sa gulat.

“If you’re smart, ititikom mo na lang ’yang bibig mo. Dahil kung hindi, sisiguruhin ko na ika-cast ’yang braso mo,” nanginginig sa galit na asik niya.



“Okay lang po ako, ’My,” paniniguro ni Amanda sa ina kahit na panay ang singhot at tulo ng luha niya.

Nasa SLEX na siya bago niya pinakawalan ang masaganang luha. Mag-isa na siyang dederecho papunta sa wedding rehearsal nina Glenn at Lara sa halip na kasama ang taksil niyang mapapangasawa.

Alalang-alala ang mommy niya sa kanya at walang tigil ang pagtunog ng telepono niya kaya minabuti na lang niyang dumaan muna sa isang gasoline station at i-park nang maayos ang sasakyan para masagot na niya ang tawag.

Minabuti niyang magpalipas muna nang ilang minuto sa coffee shop para kolektahin ang sarili nang mapansin niyang pumarada pala siya sa tapat niyon.

Kaya heto siya, kausap pa rin ang ina habang nakapila.

“Napakawalang-utang na loob niyang Charina na ’yan!” inis na pahayag nito matapos niyang ipaliwanag kung bakit bigla siyang naglaho sa engagement party. “Aba, eh, kung hindi dahil sa ’yo ay wala siyang ipapakain sa anak niya.”

“My, hayaan n’yo na po. Mabuti nga po at ngayon pa lang ay nalaman ko na babaero si Armand.”

“Oo nga, isa pa ’yang lalaking ’yan!” Lalong tumaas ang boses ni Mrs. Vergara. Awtomatikong nailayo niya sa tainga ang aparato. “Wala siyang karapatan na saktan ka nang ganyan, ni hindi ka na binigyan ng respeto! Mismong empleyado mo pa! Ano ba ang gusto niyang ipamukha sa iyo?”

Hindi niya tuloy maiwasang mapahagulgol. Mas matatanggap pa niya siguro kung ibang babae na hindi niya kilala. Sinubukan niyang kalmahin ang sarili dahil napalingon sa kanya ang customer na nasa harapan niya.

Tiyak na mukha na siyang huga-huga sa hitsura niya, ni hindi na niya nakuhang manalamin bago bumaba ng sasakyan. Ang buhok niyang nakapusod kanina lang ay walang habas niyang ipinaghihila ang pin, marahil mukha nang kinalaykay ng manok ang ulo niya.

Natatakpan man ng malapad na shades ang mga mata niya, hindi naman natatakpan niyon ang sipon niya na malapit nang tumulo. Iniipit niya sa pagitan ng tainga at balikat ang cellphone. Dali-dali niyang hinanap ang pack ng tissue sa bag niya. Sa kamalasmalasan, hindi pa niya mahagilap.

Dumulas ang cellphone at nalaglag. Sa pagsusubok na mahabol iyon, nabitiwan naman niya ang bag at nagkandahulog na ang mga gamit niya sa sahog. Lalo siyang naiyak sa frustration. Iniabot sa kanya ng babae sa harap niya ang cellphone.

Walang anu-ano ay may kamay na magaan na lumapat sa balikat niya at parang nag-levitate mula sa mga gamit niyang nagkalat ang pack ng tissue na hinahanap. Tinulungan pa siya ng estranghero na samsamin ang iba pang gamit.

“Thank you,” pabulong na sambit niya.

Hindi na nakuhang mag-angat ng mukha ni Amanda dahil sa kahihyan. She was making a spectacle of herself.

Naalala niya ang ina. “My, nandyan pa po ba kayo? Nabitiwan ko lang po ang phone,” humihikbing sabi niya.

“Baka maaksidente ka niyan. Hintayin mo kami diyan ng daddy mo. Sabay-sabay na tayong pumunta sa *La Riva*,” hindi nawala ang pag-aalalang sabi nito.

“I’ll be fine. After ko po magkape, magiging okay na po ako. Besides, hindi po ba fiftieth wedding anniversary nina Tito Oscar? Magtatampo po ang mga iyon kapag hindi kayo nagpunta,” matapang na pahayag niya. May dadaluhang party ang mga

magulang niya kaya ang plano ay kinabukasan pa, sa araw mismo ng kasal ni Glenn na lang pupunta ang mga ito sa resort.

Narinig niya ang malakas na buntong-hininga sa kabilang linya. “Nag-aalala kami sa ’yo ng Daddy.”

“I know, okay na po ako. Nailabas ko naman na po ang sama ng loob ko. Promise, tatawagan ko po kayo agad as soon as makarating ako sa Batangas.”

Ilang segundo pa ang lumipas bago niya narinig ang pagsang-ayon nito. “O, siya, kung sigurado ka. Basta, anak, kapag naiiyak ka ulit habang nagmamaneho ay iparada mo muna ang sasakyan, ha?”

Nangiti siya saka mahinang natawa. Talaga nga naman, malapit na yata siyang mabaliw.

“Hindi ako nagbibiro, Amanda,” pagalit ng ginang sa pagwawalang-bahala niya sa tinuran nito. “Aba, baka mabangga ka niyan kung hiram sa luha ’yang mga mata mo. Saka ang dalas mangyari niyan sa TV, namamatay dahil may dinadalang mabigat habang nagmamaneho.”

Hindi niya napigil na biruin ang kanyang ina. “Mommy talaga, siguro po dapat bawasan ang panonood ng mga telenovela. At huwag po kayong mag-alala, hindi ko hahayaang dahil lang

sa hinayupak na ex-fiancé ko, eh, ma-six feet under the ground ako. Ano siya, sinuswerte? Niloko na nga niya 'ko, magpapakamatay pa ba 'ko dahil sa kanya?"

"Iyan ang tama! Basta, anak, 'andito lang kami ng daddy mo. Huwag kang mag-atubiling tumawag kung magbago ang isip mo at ayaw mo pang mapag-isa."

Mapag-isa? In her family, everybody knew everybody's business. Hindi natatakot si Amanda na mapag-isa sa rehearsal; natatakot siyang hindi siya lubayan ng ibang pinsan nila sa kauurirat kung ano ang nangyari. Siguradong nakarating na sa mga hindi naka-attend ng engagement party niya, na naroon naman sa wedding rehearsal ni Glenn ang paglayas niya.

"Okay, 'My. Thank you po."



Pagkakuha ni Dexter Francisco ng in-order na inumin, hinagilap ng mga mata niya ang babaeng nakakuha agad ng atensyon niya dahil halatang umiiyak ito nang pumila siya sa likuran nito. He felt sorry for the woman. She sounded so vulnerable. Gusto na nga niyang himasin ang likod nito kanina nang iniabot niya rito ang hinahanap nitong tissue at sabihan na 'you'll get over the bastard who hurt you.'



Bumilib naman siya sa pagsusubok nitong maging okay at nakuha pang biruin ang kausap.

He wondered if she'd be alright. Weakness niya ang mga babaeng umiiyak. Somehow, he always felt that he needed to do something to make things right. Hindi niya alam kung ano ang hitsura ng hinahanap niya, maliban sa magulong buhok at midnight blue cocktail dress na suot nito. Iyon lang ang naalala niya nang tinulungan niya itong pulutin ang mga gamit nitong nagkalat.

Parang may nakita siyang ulo na nagtataglay ng buhok na hinahanap niya, nakatalikod ang upuan nito sa kanya. Nagdesisyon siyang lapitan ito. Nakaapat na hakbang pa lang siya ay tumunog ang cellphone niya. Foreman niya ang pangalang nakarehistro.

“Arnel, ano’ng problema?” Napasimangot siya nang malaman ang dahilan nito ng pagtawag.

Nalimutan na ang babaeng lalapitan dapat, nagmadaling tinungo ni Dexter ang pickup para tiyaking naroon nga ang hinahanap ng tauhan niya. Napabuntong-hininga siya, sabay iling nang makitang naroon ang circular saw at clamp at ilan pang tools na dapat ay naibaba niya sa site kanina kasabay ng mga materyales bago lumisan patungo

sa Batangas.

Isang architect at contractor si Dexter, kadalasan ay tatlong projects ang napagsasabay-sabay niya. May sistema naman siya kung paano i-allocate ang mga tauhan at tools niya, ngayon lang naman nagkaaberya.

Nagmamadali kasi siyang bumiyahе patungo sa Batangas kaya ni hindi na niya nakuhang tingnan ang truck bed kung may nakaligtaan silang hakutin ng mga tauhan niya. Pagkasabi ng naisip na solusyon, pinutol na niya ang tawag.

Naalala niya ang babae sa coffee shop at malalaki ang hakbang na naglakad siya pabalik doon. Laking panghihinayang niya nang mahagip sa gilid ng mata niya ang isang babaeng nakasuot ng cocktail dress at may nakatabing na malaking shades sa mga mata na papasakay na ng sasakyan nito. Ibabalik na sana niya ang cellphone sa bulsa nang muling tumunog iyon.

“Dex! Why aren’t you here yet?” bulalas ng matalik na kaibigan niya.

“I’m on my way there. Nagpa-gas lang ako at bumili na rin ng much needed kape sa expressway. I haven’t had much sleep you know,” pagpapaliwanag at pangongonsyensya niya sa kausap. Sunod-sunod kasi ang puyat niya dahil sinikap niyang tapusin

ang plano para sa renovation ng resort na pag-aari ni Lara. Sa susunod na buwan pa ang usapan nila ng kababata na deadline para sa plano. Nalaman kasi nitong isang buwan na bakasyon sa Europe ang sorpresa ni Glenn para rito, kaya ngayon ay minamadali siya nitong iprisinta ang plano, kung magustuhan daw nito iyon ay gusto na nitong simulan agad ang project kahit na nasa honeymoon pa ang mga ito.

“Sorry na! Make sure na aabot ka sa rehearsal, ha?” pang-aalo ni Lara na sigurado si Dexter na sinabi lang nito para manahimik na siya.

“Hindi naman uso dito sa Pilipinas iyang wedding rehearsal na ’yan, bakit kailangan pang gawin?” nagkukukot ang kaloobang reklamo ng binata sa di-makatarungang pagpapapunta nito sa kanya sa resort one day earlier than he had to. Isama pa na dahil sa wrong timing na tawag nito ay nawalan siya ng option na makipagkilala sa babae sa coffee shop.

“Because I *can!*” mapagmalaking sagot nito, pag-aari kasi nito ang resort na *La Riva Del Mare* na pagdarausan ng kasal. Hindi problema ang matutulugan para sa mga bisita. Kung hindi lang niya talaga matalik na kaibigan ang babae, baka

hindi na niya sinipot ang wedding rehearsal nito. Pero siyempre hindi rin naman niya ito matitiis.

Maligaya siya para kay Lara, maaga itong naulila at matalik na magkaibigan ang mga magulang nila. Kapwa solong anak ang parents nito kaya magmula nang mamatay ang mag-asawa, halos sa kanila na nakatira ang babae. Matagal bago siya nasundan kaya parang nakababatang kapatid na ang turing niya kay Lara. Kung malapit sila sa isa't isa noong mga bata pa sila, mas lalo pang lumalim ang pagkakaibigan nila nang maulila ito sa edad na labing-walong taong gulang.

“Dex?” malambing na sabi nito.

“Yeah?” Naglakad na siya pabalik sa sariling sasakyan nang makita niyang nag-merge na sa expressway ang sasakyan ng babaeng ni hindi niya nakuha ang pangalan.

“I’m really grateful that you’ve put up with my brattiness all these years.”

His heart melted. Tama si Lara, she might be a brat sometimes, but she could be sweet too, gaya ngayon.

## CHAPTER *Two*

*Is this thing gonna start anytime soon?* Panay ang tingin ni Dexter sa kanyang relo. Nakarinig siya ng munting komosyon na nagmula sa pinakahuling baitang ng hagdanan mula sa hotel sa likuran niya. Nawala ang pagkainip niya nang makita niya ang pareha. Bakas sa mukha ng mga ito ang pagmamahal para sa isa't isa.

Lara couldn't have found someone more deserving than Glenn. Ito ang tipo ng lalaki na tiyak siyang hindi lolokohin at paiiyakin ang kaibigan niya.

Malawak ang ngiting ibinigay sa kanya ni Lara, agad na pumulupot ang mga braso nito sa kanya. "I know how you feel about weddings these days and

anything remotely related. You're here, anyway," bulong nito sa kanya.

"I wouldn't miss it for the world, Prinsesita Maldita," sabi niya bago ito pinakawalan. Inirapan siya nito nang banggitin ang palayaw na pang-asar niya rito.

"Sina Tito?" tanong nito na hinahagilap ang mga magulang niya.

"May inaayos pa sila ni Mommy sa business. Don't worry, Dad will be here to walk you down the aisle tomorrow," paniniguro niya. "Glenn." Nakipagkamay siya sa mapalad na lalaki sa kaliwa niya. Bakas ang kaligayahan sa mukha nito.

Hindi na kailangang bigyan ito ng babala ni Dexter kung paano nito dapat alagaan ang matalik niyang kaibigan. Sa simula pa lang ng panliligaw nito hanggang sa makalipas na ang limang taon, ipinakita na ng lalaki kung paano nito pahalagahan si Lara.

Tinawag na ng isa sa mga coordinators ang atensyon nila kaya nagsimula nang pumuwesto ang mga abay. Nginitian niya ang babaeng kapareha niya na si Mallory, isa ito sa mga kaibigan ni Lara noong college.

Habang isinasagawa ang rehearsal, iginalala niya ang mga mata sa paligid. Sa mukha ng isang petite

na babae nanatili ang tingin niya. Katulad niya ay tila hindi rin ito mapakali sa kinatatayuan. Bahagyang nakapilig ang ulo nito, at kung hindi lang niya ito tinititigan, hindi mahahalata na tulad niya ay wala sa rehearsal ang isip nito.

The woman he was staring at had a really arresting profile. Kahit nakatagilid, kapansin-pansin ang mga mata nito, mataas ang cheekbones, matangos ang ilong at may mga labi na nagpapaalala sa kanya ng isang makintab, matamis at mapintog na cherry. May munting ngiti sa mga labi nito.

There was something familiar about her. Hindi niya matukoy kung ano iyon. Nawala ang ngiti nito at bahagyang kumunot ang noo nang mapagawi sa lugar niya ang tingin nito. Saglit niyang inakala na siya ang dahilan ng pagsimangot nito, pero alam naman niyang walang dahilan para maging siya ang sanhi niyon. Parang tumigil yata ang paghinga niya, nabihag siyang tuluyan ng mga mata nito.

He wanted to smile at her. But he knew that he was just another blur among the sea of faces. So he stood there, appreciating her beauty but keeping his face expressionless.

“Marcus, kilala mo ’yung katabi ni Mallory sa kaliwa?” tanong niya agad sa lalaking katabi. Malapit

na kaibigan ito ng groom at nagkataon namang kakilala niya ang kausap dahil isa rin itong arkitekto na tulad niya at batchmate niya noong kolehiyo. Nilingon nito ang tinutukoy niya.

“Ah, si Amanda.” Ibinalik nito ang tingin sa kanya, pinag-aaralan siya. “Pinsan ni Glenn.” Sumilay ang mapanuksong ngiti sa mukha nito. “Pinakamalapit kay Glenn na pinsan niya,” dugtong nito.

Hindi nakalampas sa pandinig niya ang babala nito.



*Five years ago...*

*Hindi malaman ni Dexter kung papaano sasabihin sa kababata ang nasaksikhan kanina lang sa department store. Pagkatapos ang initial reaction na pagkagalit sa panloloko sa matalik na kaibigan niya, nagdalawang-isip siya kung uupakan na niya si Glenn o kakausapin muna si Lara. Nanaig ang huli.*

*Kaya heto siya ngayon, pinapanood ang dalagang sumubo ng paborito nitong ice cream na binili niya sa Baskin Robbins, para sana may pampalubag-loob ito habang inihahatid niya ang masamang balita.*

*“Lara,” simula niya. Inalis nito ang atensyon sa pagsandok ng ice cream at itinutok ang mga mata*



*sa kanya nang rumehistro rito ang seryosong tinig niya. “Si Glenn, nakita ko siyang may kasamang magandang babae.”*

*Natahimik si Lara, “You must be mistaken. He would never do that to me.”*

*Napapalatak siya, ang pag-ibig nga naman. Nagiging tanga tuloy ang kaibigan niya. Walang salitang iniharap niya rito ang larawan sa cellphone na patunay na pinagtataksilan ito ng lalaking pinagkatiwalaan nito.*

*Sa halip na mag-iiyak ay tila baliw na nagtatawa nang nagtatawa ang babae.*

*“What the...!”*

*“Oh, my gosh! Buti na lang hindi mo sinugod!”*

*“Paki-explain nga.”*

*“Si Amanda ’to,” tumatawa pa rin na sagot ni Lara. “Pinsan niya ’yan. She’s practically Glenn’s sister. Sobrang close sila, just like us.”*

*Parang nabunutan ng tinik si Dexter—nang dalawang beses. Noong una niyang makita si Glenn na may kasamang babae, si Lara agad ang naisip niya. Pero hindi nakalampas sa isip niya ang ganda ng babae and how unfair it was na nakipagrelasyon pa ito sa lalaking may girlfriend na. Puwede naman sa kanya na lang na matagal din na loveless.*

*“Oh,” napahiyang sabi niya. Tumikhim siya. “So... do you think you could introduce us?”*

*“No,” she said simply.*

*“Why not?” parang batang maktol niya.*

*“Don’t even think about it! I just told you, halos kapatid na ang turing ni Glenn kay Amanda.”*

*“And parang kapatid na rin ang turing ko sa ’yo,” sagot agad niya. “Tamang-tama! Puwede tayong mag-double date and we could still hang out though we’re both in a relationship. Remember, ’yan ang madalas na issue natin with our exes. Nagseselos sila kapag minsan lumalabas tayong dalawa,” depensa niya bago pa ito makatanggi ulit.*

*“Call me selfish, Dex, but if it doesn’t work out between the two of you, pati relationship namin ni Glenn ay maapektuhan.”*

*“Ni hindi mo pa nga ako ipinapakilala, saka baka nga ni hindi ako magustuhan n’ung tao.”*

*“Of course she will. She’d be crazy not to.”*

*“Wow naman! Natuwa ako sa sinabi mo,” masayang sabi niya.*

*“I honestly believe what I said, Dex, and that is why my answer is still no.”*

*“Oh, come on!” nakasimangot na reklamo niya.*

*“Please, Dex. Glenn means a lot to me, at kaka-*

*start lang ng relationship namin.” Bumuntong-hininga siya, talunang sumang-ayon sa desisyon ni Lara. He had never seen her so happy.*

*Mahirap man tanggapin, naintindihan ni Dexter ang pinagmumulan ng pag-aalala nito. For some reason, hindi nagtatagal ang mga relationships niya. He'd like to think na hindi naman siya solely to blame, sadyang busy lang siya sa trabaho dahil kasisimula pa lang niyang itayo ang design and construction company na puhunan ng mga magulang niya ang ginamit. Gusto niyang palaguin iyon para makabawi sa pagtitiwala ng parents niya.*

*Paminsan-minsan ay nakakalimutan niya ang mga importanteng dates gaya ng anniversary, may mga pagkakataong kapag malayo ang project at engrossed siya sa ginagawa ay nalilimutan na niyang dalawin o tawagan man lang ang nobya. Hindi minsan lang na napagkamalan siyang may ibang babae dahil sa kakulangan ng panahong ibinibigay sa karelasyon. He always did his best to make up for those shortcomings. However, his lack of a steady relationship proved that his best just wasn't cutting it.*

*Panibagong pagkakataon ito para makilala na ang dalaga. Isang bahagi ng isip ni Dexter ang nagsasabing baka hindi pa rin sang-ayon si Lara*

---

na magkainteres siya sa pinsan ng mapapangasawa nito. Kung noon na magnobyong pa lang ang pareha ay nangangamba na ang babae na magkalamat ang relasyon ng mga ito dahil sa kanya, paano pa kaya kung mag-asawa na ang dalawa?

He would make the decision this time. He refused to believe that the couple's relationship would be harmed in anyway just by being in a relationship with Glenn's cousin.

## CHAPTER *Three*

**B**ahagyang nangiti si Amanda sa kinatatayuan niya, dama ng kanyang mga paa ang pinong buhangin na animo ay seda na humahaplos sa balat niya. Ang langit ay parang ipininta gamit ang iba't ibang kulay ng lila, rosas, kahel at dilaw.

Ang aisle ay nagmistulang extension ng dagat dahil sa mga naglipanang talulot ng asul na milflores. Sa pagitan ng mga lampara ay may arrangement ng iba't ibang bulaklak na sumasalamin sa kulay ng langit at dagat. She would have loved a wedding just like this one.

Nagtagumpay man siya kanina na pansamantalang kalimutan ang pagtataksil sa kanya ni Armand, muling nanumbalik ang sakit

at galit niya nang maalalang hindi na importante kung anumang klase ng kasal ang naisin niya dahil wala na siyang groom. Sinaway niya ang luhang nagbabadyang bumagsak. Huminga siya nang malalim at ipinaalala sa sariling hindi na niya dapat pag-aksayahan pang muli ng oras ang lalaki.

Hindi siya makapaghintay na matapos na ang rehearsal na iyon. It was just too depressing to be alone in this romantic setting. She almost groaned out loud nang ma-realize niyang may dinner pa pagkatapos ng ceremony. Everyone would be there. Sinuwerte nga lang siya na abala ang mga pinsan niya kanina sa beach at swimming pool nang dumating siya sa resort.

Wala sa plano niya ang mailagay sa spotlight ng mga kamag-anak nila ni Glenn. Araw ng mga ikakasal ito, at kung siya ang masusunod, mas gugustuhin na lang niyang magkulong sa silid niya, silid nila dapat ng hinayupak.

Maganda ang view mula roon, tanaw ang dagat at ang infinity pool. It would be great to have a drink or two while looking out the window, celebrating destiny's way of releasing her from a marriage that would have only made her miserable.



“Amanda, right?” Sinulyapan ng dalaga ang pinagmulan ng mababang tinig. Unti-unti siyang tumingala dahil balikang lang ang unang tinamaan ng kanyang paningin. Nagsalubong ang kanyang mga kilay, hindi niya ito kilala. Sigurado siya, dahil ang tipo ng binata ay iyong hindi makakalimutan ng isang babae kahit pa magka-amnesia ito. Sino kaya ito, bakit kilala siya?

“Hi, I’m Dexter.” Nanatili siyang blangkong nakatingin sa mukha nito. “Best friend ako ni Lara. I, uh, hope you don’t mind me coming over to introduce myself.”

“Hello,” iyon lang ang naisagot niya, nakatitig kasi siya sa mukha nito.

Isa siyang makeup artist, kaya naman natural na lang sa kanya na pag-aralan at isa-isahin ang katangian ng mukha ng kaharap. Aaminin niyang gusto niya ang lahat ng nakikita niya. He had a broad forehead which according to most people, signified intelligence. The deep-set eyes, observing her and looking straight into hers made her feel like he could see through her. His straight nose made him look as though he was someone who had a lot of discipline. Though beauty experts would say that his upper lip is not symmetrical, they would have to agree with her

that in combination with his full lower lip, he had a mouth any woman would want to nibble.

*Nibble! Did I just think of nibbling this stranger's lips?* And that cleft on his chin, was that an afterthought to establish masculinity in order to counteract the effect of his luscious lips?

Bago pa mahalata nito ang ginagawa niya o ang iniisip niya, hinatak niya ang mga mata pabalik sa noo nito. Iyon na siguro ang pinakaligtas na pagtuunan niya ng atensyon.

Tiningnan nito ang kumpol ng mga tao na nagkukuwentuhan malapit sa gawi ng mga ikakasal. Masusi siyang pinagmasdan nito, waring naninimbang.

“Nadaan ko kanina na may band na tutugtog sa kabilang resort. To be honest, I don't know if they're any good. I was wondering.” Nginitian siya nito.

Tingin niya, ginawa iyon ng kausap para masigurong papayag siya sa gusto nito. Sa ngiti nitong iyon, pakiwari niya kung ayain siya nitong languyin ang karagatan ay gagawin niya.

“Gusto mo bang sumama? I know I'm being too forward, I just met you and all that,” nahihiyang dugtong nito nang makita ang pag-aalinlangan niya.

Sasama ba si Amanda? Bukod sa pangalan nito



at matalik na kaibigan ito ni Lara, wala na siyang iba pang alam patungkol dito. Pampublikong lugar naman ang pupuntahan nila, hindi rin nila kailangang magkotse papunta sa kabilang resort. Sinulyapan niya ang mga bisita at inilipat ang tingin sa dalampasigan na babaybayin nila.

“Glenn would kill me as soon as he finds out na nilayasan ko ang rehearsal dinner nila.” *Well, I guess my mind’s made up then.*

Lalong lumuwang ang ngiti sa mga labi ng binata.

*Wait, is that a dimple?*

“Probably after Lara cut off my head,” nakangising sabi nito. Well, they did attend the wedding rehearsal. Missing the dinner probably wasn’t that big a deal. Right?

Isa pa, masyado nang busy ang mga ikakasal para mahalata na wala sila roon.

Hindi naman siguro siya dapat ma-guilty. She wasn’t leaving because of the attractive man beside her; even before he introduced himself, she was already contemplating fleeing to her room. Sitting down for dinner with her relatives, no matter what the occasion, meant an inquisition. One that would be done in front of Lara’s friends and relatives too...

Nagkaroon na nga siya ng pagkakataong takasan iyon, palalampasin pa ba niya? Bukas ay abala na ang lahat sa mismong kasal, ang mga bagong kasal ang magiging sentro ng atensyon. Wala nang panahon na usisain pa siya tungkol sa mauunsiyaming kasal niya.

Nginitian niya ang binata. “Let’s find out if that band can play a decent tune.”



“So, how long have you and Lara been friends?” untag ng dalaga kay Dexter nang magsimula silang maglakad.

“Simula pa nang ipanganak kami.”

“Wow! That long, huh?”

Tumango ang lalaki. “Best friends kasi ang parents namin, and when her parents died, mas lalo siyang napalapit sa family namin.”

“I’m going to ask you a really personal question.” Huminto si Amanda at saglit siyang tiningnan. Nakangiting tinanguan niya ito, simula yata nang pumayag itong sumama sa kanya ay hindi na nawala ang ngiti sa mukha niya.

“Did you ever see Lara as someone who’s more than just a friend?”

“You mean like a girlfriend?” Hindi na siya nagulat sa tanong na iyon. Marami sa friends nila

ni Lara ang nag-assume na balang araw ay magiging sila nito dahil nga madalas silang magkasama. “No, not at all.”

Nagkibit-balikat ito. “Oh... Well, I’m surprised hindi naging kayo ni Lara.”

“I’m not,” tumatawang sagot niya. Binalingan siya ng babae na salubong ang mga kilay sa pagtataka. “Dahil kung naging kami baka unang segundo pa lang ng relasyon namin ay nakasuhan na ’ko ng murder.”

Natawa ang katabi at nangingislap ang mga matang muling bumaling sa kanya. “Salbahe ka,” anito bago inilipat ang atensyon sa buhangin na nilalakaran nila.

“Nagsasabi lang ng totoo,” pagtatanggol niya sa sarili. “When you practically grew up with someone at alam mo na ang lahat sa kanya lalo na kung paano siya kapag hindi nasunod ang gusto, kung paano siya ka-bossy at kung paano ka niya paiikutin para sumunod sa gusto niya... well, being in a romantic relationship with that person would be the farthest thing in your mind.”

Hinawakan nito ang braso niya saka tumigil sa paglalakad. “Are you sure best friend ka ni Lara?”

Dexter grinned at her. Nakakatuwa kasi ang

expression sa mukha nito. Parang mangingiti dahil sa accurate description niya sa kaibigan, pero parang gusto siyang kagalitan sa mga negatibong sinabi niya. Higit na nakakatuwa pa ang kamay nitong nakalapat pa rin sa braso niya.

“Unfortunately.” Pinalungkot niya ang mukha.

Inalis ni Amanda ang kapit sa braso niya saka iyon tinampal. “Parang ayaw ko yatang maging kaibigan mo.”

“Ako rin,” naniningkit ang mga matang binalingan siya nito. “To be honest, mas gusto ko yatang higit pa doon.”

Saglit itong tumitig sa kanya. “Aren’t you a fast worker?” mahinang turan nito na tila nahihiyang nagbaling ng tingin.

“I have to be, kung ayaw kong mawalan ng kliyente.”

“Meaning?”

“I’m in the construction business.”

“Ah.” Napatangu-tango ang kausap.

Nagsisi yata ang binata, dapat ay isinulong na niya ang planong pagporma kay Amanda, kaya lang ay nakita niyang hindi yata ito ganoon ka-receptive sa simpleng pahaging niya kaya inilihis niya muna ang usapan.

Hindi na ito muling nagsalita, sa halip ay yumuko para damputin ang isang lata ng *Coke* na nakakalat lang. Dinampot naman nito sa isang kamay ang isang seashell na halos katabi lang ng lata. Nagpalinga-linga ito at naglakad patungo sa direksyon ng isang drum na nagsisilbing basurahan. Tahimik na sumunod siya rito.

“And if I am to read between the lines, parang sinasabi mong under ang pinsan ko,” kabig nito pabalik sa dati nilang usapan.

“Uy, wala akong gustong palabasin na ganyan. Truth is, ang tingin ko they are good for each other. Si Glenn, mahaba ang pasensya, mature, at marunong makipag-compromise. Sabi nga, opposites attract,” tugon niya. Kung gustong umiwas ng dalaga sa halata namang intensyon niya sa pag-aya rito ay hahayaan niya ito.

There was a wistful smile on her lips.

“The funny thing is, Glenn wasn’t always like that.” Nagulat siya sa tinuran nito. “Nagsimula lang ’yan n’ung magustuhan niya si Lara.”

“Si Lara din, nag-mature nang husto n’ung sinimulang ligawan ni Glenn,” Dexter chuckled, “Naaalala ko, I would sometimes go out of my way para inisin siya kapag alam kong kasama niya

si Glenn to see if she'd crack. Soon, I realized she actually became a better and sweeter version of herself."

Kapwa sila natahimik. Each immersed in their own thoughts.

"True love," sabay nilang sabi mayamaya. Nagkatinginan sila.

"Ang sarap sigurong makahanap n'on," mahina at tila umaasam na sabi ni Amanda.

"Tingin ko rin," sang-ayon niya. Pinigilan niya ang sariling sabihin dito ang nasa isip, *Who knows we might find that in each other*. Isinuksok ni Dexter ang mga kamay sa bulsa ng kanyang slacks, para hindi kusang abutin ng isa rito ang kamay ng dalaga. Hindi mahirap na madala sa setting at huling paksa nila. He didn't want to scare her, though, so he kept his distance.

Tumigil si Amanda, at sumilay ang ngiti sa mga labi ng binata nang magsimula itong tanggalin ang strap ng sandals nito. Napakapit ito sa braso niya at agad niya itong inalalayan nang mawalan ito ng balanse.

"Thanks," anito sa mahinang tinig, nakatingala sa kanya.

Nag-cardiac arrest yata siya. Parang sa ilang

segundong iyon tumigil ang lahat, ang tanging nakikita lang niya ay ang mga mata nito. She had the prettiest and most expressive eyes he had ever seen. Nakatuon ang mga iyon sa kanya. Hindi katulad ng kanina, nang tinititigan niya ito sa rehearsal, ngayon tiyak niyang nakikita na siya nito.

Bumaba ang mga mata niya sa mga labi nitong bahagyang nakaawang. Ibayong pagtitimpi ang kailangan niya para hindi tuluyang ilapit ang sariling bibig dito.

Hindi nakakatulong na ang mga mata ni Amanda ay lumamlam, halata ang pagbabago sa lalim ng paghinga nito. Naramdaman niya ang paghigpit ng kapit nito sa braso niya.

Kalokohan, iyon ang tawag sa mga rumaragasa sa isip niya dahil kakikilala pa lang niya sa dalaga, heto siya at pinagnanasaan ito. Unfortunately for him, it was at that moment his amygdala asserted its existence. He wondered if she would stare at him with those smokey eyes with the same intensity or maybe more if they were in bed together. Inis sa sariling marahas siyang umiling.

Dexter asked her to go with him because he wanted to get to know her. Sleeping with her wasn't included in his plan. He was insanely attracted to her,

but it didn't mean that he had to act on it. Making her feel that he was after something else would make her bolt even before he got a chance to know her. He already made the mistake of telling her right away that he was hoping for more than just friendship.

“Here, let me carry those for you.” Kinuha niya sa mga kamay nito ang pares ng sandals at inalalayan ang dalagang muling makatayo nang maayos. Pinilit niya ang sariling ipagwalang-bahala ang mainit pa ring pakiramdam na tuloy-tuloy na nanunulay sa buo niyang katawan. Kusa na siyang dumistansya, sapat lang para masiguro na hindi magtatama ang kanilang mga braso sa tuwing iimbay ang mga ito habang naglalakad sila.

“Ma'am, Sir,” tawag ng isang matandang lalaki sa kanila na may bitbit na mga kuwintas at mga pulseras. “Bili po kayo, kaunti pa lang ho ang benta ko ngayon.”

Bakas sa mukha ni Amanda ang awa sa nagtitinda, palalim na kasi ang gabi at bakas ang hapo sa mukha ng matanda sanhi tiyak ng buong maghaponng paglalako nito sa dalampasigan.

“Ang gaganda naman po nito, Manong,” nakangitingpuri ng dalaga sa mga paninda ng matanda habang namimili ng bibilhin. Kumuha ito ng ilang kuwintas at pulseras, ipampapasalubong daw nito.



“Taga-dito lang po ba kayo sa malapit, Manong?” tanong ni Dexter, interesado siya dahil malayolayo ang kinaroroonan nila sa mga bahay-bahay na naraan niya kanina patungo roon. Manaka-naka lang din ang mga pampublikong sasakyan kaya iniisip niya kung paanong uuwi ang matanda.

“Ay, hindi. Sa Mindanao talaga ako nakatira. Pero may inuupahan kaming magkakaibigan na taga-Mindanao din dito sa Batangas.”

“Eh, ang pamilya n’yo po?” tanong ng babae.

“Nasa Mindanao, wala kasi gaanong mapagkakakitaan doon. Inaya ako ng kumpare ko dito kaya mga labindalawang taon na rin ako rito. Pauwi-uwii lang ako sa amin.”

Nakita niyang nawala ang ngiti ng kasama sa narinig. “Miss n’yo na po siguro ang pamilya n’yo,” saad nito.

“Opo, Ma’am, kaya lang kailangan, para may pantustos sa pamilya.”

Malungkot na tumango ang dalaga.

“Magkano po itong lahat, Manong?”

“Let me,” ako niya sa mga pinamili ni Amanda habang marahang inilalayo sa kausap nila ang kamay ng babae na may hawak na pera. Malugod na nagpasalamat ang matanda sa kanilang dalawa

sa dami ng naibenta nito.

May dinukot ang matandang lalaki sa malaking bag na nakasukbit sa balikat nito. “Ma’am, sa inyo na lang po ito, magaganda po iyan lahat,” pagmamalaking sabi nito habang iniaabot ang isang plastic bottle na naglalaman ng magagandang shells. “Pandagdag po diyan,” turo nito sa isang pirasong shell na hawak pa rin ng dalaga.

“Talaga po?” malawak ang ngiting tanong ni Amanda habang niyayakap sa dibdib nito ang bote ng shells na magaganda ang hugis at kulay, na tila ba iyon ang pinakamamahaling bagay sa mundo. “Baka po gagamitin n’yo ito sa paggawa ng paninda n’yo?” nag-aalalang tanong nito.

“Naku, wala ’yan, Ma’am! Marami po akong oras para mamulot ulit,” bale-walang sagot ng vendor.

“Manong, pandagdag po,” biglang sabi ni Dexter, iniaabot sa matanda ang isang limang daang piso. Hindi niya iyon ginawa dahil nagpapasikat siya sa babaeng halatang natuwa sa ginawa niya. Naawa talaga siya rito dahil sa kuwento nito na malayo ito sa pamilya para sa kaunting kikitain. Lumaki siyang magkakasama sila ng pamilya niya at palaging malapit sa isa’t isa.

Ilang ulit na taos-pusong nagpasalamat ang

matandang lalaki bago ito lumayo sa kanila. Tahimik nila itong pinagmasdan.

“So, what do you do for a living?” pagsisimula muli ng binata ng usapan sa pagitan nila. Pilit niyang inaalis ang paningin sa payapang mukha ni Amanda na kontentong nakatingala naman ngayon sa langit, ang ilang hibla ng buhok nito na kumawala sa balumbon sa likod ng ulo nito ay nililipad ng hangin. Bumaba ang mga mata niya sa ilong nito, sa mga labi, sa panga at sa leeg nito. *Damn it, control yourself*, saway niya sa sarili.

Binalingan siya nito. “I’m a makeup artist. That’s one of the reasons why I’m here, actually.”

“Oh.” Napatigil siya sa paglalakad.

“Parang disappointed ka yata?” tanong nito, nawala ang ngiti sa mga labi.

“No!” agap niya. The last thing he wanted was to offend her. “That explains it.”

“Explains what?”

“Kung paano mo ’ko tinitigan kanina.” Tumigil siya sa pagsasalita nang makitang namilog ang mga mata nito. Kita niya ang pagtingkad ng kulay ng mga pisngi nito kahit malamlam ang ilaw na dinadala ng mga fairy lights na nakasabit sa puno malapit sa bar ng resort na pupuntahan nila. Hindi niya tiyak kung

namumula ito sa inis o sa pagkapahiya.

Napahawak siya sa kamay nito. “I’m sorry, can you please remove my foot in my mouth?” Nakahinga siya nang maluwag nang ngumiti ito.

“I’d be happy to.”

Pinisil niya ang kamay nito. “What I meant was, parang tinitingnan mo kasi ’yung mukha ko kanina na para bang iniisip mo kung paano ko matatakpan ang malapad kong noo, ang malaki kong ilong o ang mga labi ko na s’abi ng younger sister ko ay kailangang katamin sa kapal.”

Narinig niya ang pagtawa nito na cliché sa lahat ng cliché ay parang musika sa tainga niya.

“Wow, are you for real? A guy with your face shouldn’t sound so insecure.” Pagkasabi niyon ay pinamulahan ito ng mukha. “A-ang ibig ko sabihin, okay lang naman ang mukha mo. I’m sorry if I made you feel that way kanina.” Muli itong tumawa.

“Hay naku! Siguro you could say it’s one of my quirks. ’Yung iba, they translate everything into numbers. Ako, well, symmetry, color combination, dimension, definition at harmony ang lagi kong naiisip when I look at things and even people. Frustrated artist kasi ako, hindi mo naitatanong. I tried working on different mediums. Somehow,

napapalabas ko lang ang gusto ko kapag mukha na ng tao ang pinipintahan ko.”

Tumawa na rin si Dexter. “What a relief! At least, hindi ka kagaya ng sister ko na grabe kung alipustain ako. At wala siyang pakialam kahit sino pa ang kaharap.”

“Consider yourself lucky, at least, may kapatid ka na nang-aasar sa ’yo from time to time. Nas’an nga pala siya? I assume na close din siya kay Lara.”

“Isa pa sa mga bagay na ipinagpapasalamat ko, nasa Singapore siya ngayon, ipinadala ng company. She can’t make my life miserable for the next two weeks,” tumatawang biro niya.

Muli silang naglakad, hindi na niya nakuhang bitiwang ang kamay ni Amanda. Hindi niya alam kung sino ang unang naglingkis ng mga daliri nila. Ang alam lang niya, gusto na niya iyon.

“Kung nakita mo lang kung paano ako asarin ni Danica while we were growing up. Only child ka ba?” pahabol ng binata.

Tumango si Amanda. “Yeah, lumaki ako na laging kinukulit ang parents ko na bumili ng sister for me.”

Naaliw siya sa litratong iginuhit nito sa isip niya. “You can have my sister, but wait, there’s more!” Tumigil siya for dramatic effect. “You can have her for free!”

## CHAPTER *Four*

*P*inagmasdan ni Amanda ang binata habang isinusuot nito sa mga paa niya ang sandals. Nakakuyom sa magkabilang laylayan ng bestida niya ang mga kamay. What was wrong with her? Pinagpapawisan siya at pinipigilan ang sarili na i-entertain ang mga sensasyong dumadaloy sa kanya dahil sa inosenteng paglapat ng kamay ni Dexter sa paa niya.

Or was it as innocent as she thought?

There was this palpable attraction between them, she couldn't keep denying that. She had always been aware of the times he had stared at her, for those were the times she felt like her body was going to slowly burn. It flattered her that a man as handsome and

charming as he had found her desirable.

Nang muntik na siyang masubsob at napakapit siya rito, hindi niya napigil na tugunin ang mainit na titig nito. Desire was written all over that smoldering gaze, mirroring her own emotion. Nang unti-unting bumaba ang tingin nito sa mga labi niya, naubos niya yata ang lahat ng lakas para bumitiw pa sa braso nito. She had to draw deep steadying breaths.

For a second, he looked like he was ready to ravish her and she would have let him. Just the thought of those sensual lips trailing hot kisses all over her body made her skin sizzle. He was obviously more in control of his emotions than she was because he managed to break away from the passionate haze that hovered over them. She wasn't sure if she was disappointed or relieved.

“All done,” nakangiting saad ni Dexter nang mag-angat ng tingin sa kanya.

Inalog niya ang utak bago pa mahalata ng binata na mga eksena mula sa erotica novels na ang umaandar sa isip niya. Inalalayan siya nitong tumayo mula sa batong kinauupuan niya at agad ding binitiwang ang kamay niya nang makatuwid na siya ng tayo.

Nagustuhan ni Amanda ang ambiance ng restobar, tama lang ang lighting at maaliwalas ang

pagkakaayos ng mga gamit. Mahina pa ang music na nagmumula sa isang pares ng babae at lalaki na tumutugtog ng acoustic songs dahil hindi pa kasagsagan ng inuman.

Hindi na siya nagulat nang ipinaghila siya ni Dexter ng upuan at inalalayan siya sa pag-upo.

“Siguro dapat kumain muna tayo bago uminom. Baka wala pang laman ang tiyan mo. Not that I’m assuming you’re going to drink. Are you drinking? Not that I want to get you drunk,” dere-derechong sabi nito. Bumingisngis tuloy siya. “I’m babbling,” he said sheepishly.

Ngumiti siya nang malawak. “You don’t want to be presumptuous, and I appreciate that,” sinserong sabi niya. Hinayaan niya ang sariling pisilin ang kamay nito bago muling binalingan ang menu.



Ang unang mga performers ay naghatid ng magandang background music habang kinikilala nina Dexter at Amanda ang isa’t isa. Nakakailang bote na rin ng beer ang lalaki at ilang baso naman ng cocktail drinks ang dalaga. Ilang bahagi ng napagkuwentuhan nila ang nagbigay sa kanya ng impresyon na malapit ang babae sa mga magulang at mabuti rin itong tao. Walang bahid ng pagmamalaki



itong nagkuwento at halata sa tinig nito na siyang-siya ito sa pagtulong sa tatlong single mother na kabilang sa mga tauhan nito sa salon na pag-aari nito. Idagdag pa roon ang nasaksihan niyang malasakit nito sa kapwa.

Nabanggit ni Amanda na katatapos lang nitong makipaghiwalay sa mapapangasawa nito, hindi nito sinabi ang dahilan kaya hindi na siya nag-usisa. Sa sulok ng isip ni Dexter, may tanong na nanghihingi ng kasagutan.

“By any chance, where you anywhere near *Starbucks* earlier?” tanong niya kalaunan. Itinigil nito ang pag-inom dapat ng daiquiri. Namilog ang mga matang tumitig ito sa kanya.

“No! Please don’t tell me you where there when I broke down,” nahihindik na sabi ng kausap na sinabayan pa ng sunod-sunod na iling.

“No, I wasn’t there.” Gumawa siya ng peksman na sign. “Hindi rin ako ang nag-abot ng tissue sa ’yo.”

Itinakip ni Amanda ang dalawang kamay sa namumulang mukha. Na-guilty tuloy siya na nakuha pa niya itong tuksuhin. May hinala kasi siya na ngayon ay kaya na lang pagtawanan ng dalaga ang bagay na iyon.

“I am absolutely, definitely, mortified!” sabi ni

Amanda, pero gaya ng hinala niya ay tumatawa ito.

He grinned at her. “Don’t be. Wala ka naman ginawang masama. ’Yung asshole na fiancé mo, pardon my French, ang dapat mahiya sa sarili niya.”

Sumeryoso ito at puno ng pagpapasalamat ang mga matang tumitig sa kanya. “Thank you. How much have you heard, anyway?” tanong nito bago itinuloy ang naudlot na pag-inom ng cocktail drink nito.

“Kaunti lang, nambabae siya, saka hindi ka willing ma-six feet under the ground dahil sa kanya. Personally, I think I should thank the bastard.”

Matalim ang tinging ipinukol nito sa kanya. Ayun na naman siya, nasa bibig ulit niya ang kanyang paa. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

Hindi niya tuloy ito makuhang tingnan nang derecho. “I’m sorry. That sounded so insensitive, the thing is, I wouldn’t be sitting here with you kung hindi kayo nagkahiwalay.” Naglakas-loob siya na mag-angat ng paningin. “Truth is, pangatlong attempt ko nang makilala ka.”

Nangunot ang noo nito. “Pangatlo?”

“Kanina sa *Starbucks* ’yung pangalawa.”

“What about ’yung una?” Mas mukha na itong curious kaysa naiinis na naghintay ng sagot niya.

“Five years ago,” nailing na natawa siya,

“nakaakbay sa ’yo yung pinsan mo; akala ko niloloko ni Glenn si Lara. So naturally, sinumbong ko kay Lara ang nakita ko.” Ngumiti na si Amanda sa puntong iyon na ipinagpasalamat niya.

“I wonder how that went.” Nangalumbaba pa ito at hinintay siyang magpatuloy sa pagkukuwento.

Ngumisi siya. “Well, nasayangan ako ng pambili ng ice cream kasi akala ko magngangangawa si Lara.” Puno ng pagkaaliw na nakatitig sa kanya si Amanda. Ang lapit lang ng mukha nito sa kanya, kayang-kaya niya sanang abutin at haplusin ang makinis na pisngi nito at tikman mga labi nito. Nagpadala na siya sa kagustuhang ipaalam sa babae na noon pa man ay interesado na siya rito. “I just wish she repaid my kindness, though.”

“Paano naman?” natatawang tanong nito. “Bilhan ka ng gelato?” biro nito.

“Sana, ipinakilala ka niya sa akin gaya ng hiniling ko sa kanya.” Seryosong siyang nakatitig sa mga mata nito para ipabasa sa kausap kung gaano niya ito kagusto.

“Maybe, just maybe, you wouldn’t end up getting your heart broken.”

Nawala ang ngiti sa mga labi ng dalaga. Natatakot siya na kung may pag-asa man siya rito kahit katiting ay mawala dahil masyado siyang

mabilis. Bigla siyang bumawi.

“Although, s’abi ni Lara, I always unwittingly end up hurting my previous girlfriends. So I guess, mabuti na nga rin na tumanggi siya na ipakilala ka sa ’kin.” Hindi niya napigil na tampalin ang noo. Nang makalabas na ang mga salita sa bibig niya, noon lang niya naisip na ang dating niyon ay tiyak siyang magkakagusto nga sa kanya ang kaharap. “Parang masyado yatang feeling ang dating ko.”

“I think I would have loved meeting you back then,” she said quietly. Hindi maalis ni Dexter ang biglang pagsibol ng pag-asa sa kanyang dibdib. “So tell me, what happened to your previous girlfriend? I’m sure you don’t have one at the moment. I have a feeling you’re too decent to ask some woman to go somewhere with you if you’re committed.”

Mas gusto sana ni Dexter na pag-usapan na lang kung ano ang nangyari sakaling nagkakilala sila noon o mas magandang topic sana kung saan sila hahantong mula sa puntong iyon. Pero malinaw na gusto ng dalagang ilayo ang paksa sa kanila kaya ibinahagi na lang niya na siya man ay katatapos lang ng limang taong relasyon sa babaeng binalak niyang pakasalan. Ngayon nag-sink in sa kanya na kung nakilala niya agad si Amanda, hindi na niya

makikilala si Jean at hindi rin siya masasaktan.

“Ouch!” nakangiwing usal ng kausap. Sa kabila ng maikli at tila impersonal na salitang ginamit ng kasama, kita sa mga mata nito ang pakikisalo sa sakit na naramdaman niya nang aminin niya rito na nakipaghiwalay sa kanya si Jean sa mismong araw na nag-propose siya rito.

Pumalit na ang banda na magpe-perform; mahusay ito, pawang mga upbeat na mga kanta naman ang tinutugtog ng mga ito. Sumulyap siya sa dance floor.

“How about we dance and forget the people who hurt us?” aya niya kay Amanda na agad namang pinaunlakan nito.



“Final verdict, I think they’re pretty good,” mayamaya ay sabi ng dalaga malapit sa tainga ni Dexter. Pilit niyang inaalís sa isip ang mainit na pakiramdam na nanalaytay sa dugo niya dulot ng hanging nagmula sa bibig nito; sa halip, sinabayan niya ang mga galaw ni Amanda. Base sa malayang paggalaw ng mga braso, katawan at balakang nito, malinaw na hilig din nito iyon.

The way she moved fluidly, gracefully and to his dismay... seductively, was fascinating to watch. Had

he been someone else he would have felt awkward around her. However, he was confident enough to keep up with her. He was also having too much fun to be bothered by whether he looked like an idiot or not.

Napansin niya ang paminsan-minsang pagdamping dalaga sa kapirasong tissue na hawak nito sa mukha nito. Naglalandas ang pawis sa noo, mukha at leeg nito.

“May I?” tanong niya na hawak ang panyong hindi pa niya nagagamit.

Noong una ay blangkong nakatingin sa kanya at sa panyong hawak niya ang kasayaw, nagpalipat-lipat muna sa mukha niya at panyo ang tingin nito.

“Don’t worry, hindi ko pa nasisingahan ’to,” biro niya nang hindi pa rin ito makatugon. Tumawa ito kasabay ng marahang pagtango bilang pagbibigay pahintulot.

“You’re too funny and you’re such a gentleman, do you know that?”

“Yeah, I’ve been told on more than one occasion,” nakangiting sagot niya. He gently tipped her face up with the tip of his fingers as he gently dabbed the hanky on her face. She smiled at him as he did this. It was all he could do not to lower his head and place a soft kiss on her lips.

May pawis pa rin sa leeg at bandang ibabaw ng dibdib nito, ayaw naman niyang maging pangahas at oportunistang. Iniligay niya sa palad ng babae ang panyo at itinuro niya ang sariling leeg para iparating dito kung ano ang ibig sabihin ng ginawa niya.

Pinagmasdan siya nito na para siyang isang alien, pero sa bandang huli ay naroon muli ang ngiti sa mga labi nito, iyong tipo na kung presko siya ay maiisip niyang nagsasabi na ang atraksyong nararamdaman niya ay tinutumbasan din ng magandang dalaga. Iyon... at ang paminsan-minsang paglapat ng mga kamay nito sa braso at balikat niya habang sumasayaw sila.

Ibabalik na nito dapat sa kanya ang panyo, pero nagdalawang-isip ito.

“Why don’t I wash this first and I’ll return it to you tomorrow?”

*Kahit ’wag na. Para nand’yan pa rin ang amoy mo. Hindi ka naman tamang stalker niyan, Dex.*

Hindi yata fair, bakit kapag kamiseta o wristband na pinagpawisan ng mga tennis player, basketball player o rakista ay okay lang? Hindi pag-iisipan ng masama ang kahit na sino kahit makipagbalyahan pa para masalo iyon kapag ibinato? Umiling siya. Was he actually having that debate in his head?

“No, it’s okay you don’t have to, may mga labahin din naman akong damit na iuuwi bukas.”

“I insist, it’s the least I could do. I’m really glad I came here with you, Dex.”

Bakit parang ang sarap sa pandinig niya ang pagkakabanggit nito ng pangalan niya? That was probably the alcohol. Tila nanunudyo naman ang banda, nagsingit pa ito ng isang mabagal na tugtog.

“Here’s a slow one, so you guys can catch your breath,” sabi ng vocalist ng banda bago nila marinig ang intro ng *I Won’t Give up* ni Jason Mraz.

He looked at her questioningly, unsure whether to take her in his arms or skip the song and head back to their table instead.

Si Amanda na ang nagdesisyon para sa kanilang dalawa nang walang hesitasyong inilagay nito sa mga balikat niya ang mga kamay at bahagyang inilapit ang katawan sa kanya.

Sinimulan niyang ilagay ang mga kamay sa baywang ng kasayaw, pero sa huling sandali ay nagpadala siya sa kagustuhang hawakan ang kamay nito. Mula sa balikat niya ay kinuha niya ang kamay nito. Tiningala siya nito, parang nalito sa ginawa niya subalit ngumiti ito at humigpit ang hawak sa kamay niya.



Nanatili sila sa ganoong ayos habang sinasabayan ng ugoy ang mabagal na kanta. Nasa gitnang bahagi ng kanta nang ilagay ni Dexter sa ibabaw ng dibdib niya ang magkahawak na mga kamay nilang dalawa. Hindi niya maipaliwanag sa sarili ang kagustuhang ilagay ang kamay nito sa ibabaw ng kanyang puso.

It warmed his entire being that she just continued to stare in his eyes as if she understood him.

“I hate to break the party, but I need to do my early morning run tomorrow before the wedding. Do you mind heading back?” she asked shortly after the song ended.

He was sorry that the moment ended too soon. Tumingin siya sa relo; hindi makapaniwalang alas doce y media na. Parang napakabilis lumipas ng oras.

“No, not at all.” Ini-offer niya rito ang kanyang braso. Isinukbit nito ang kamay sa kanya. Muli, tahimik silang naglakad pabalik sa hotel na tinutuluyan. Mayamaya, tumigil ito sa paglalakad.

“Thank you for tonight,” anito na hinarap siya. Hindi niya napigil na iipit sa gilid ng tainga nito ang ilang hibla ng buhok na nilipad ng hangin. Nanatili na ang kamay niya sa gilid ng ulo nito, taimtim na tinitigan niya ito.

“Ako ang dapat magpasalamat. I’m grateful for

the chance to get to know you.”

Hinawakan ng dalaga ang kamay niya na sapo pa rin ang pisngi nito.

“After the wedding, do you think it’s possible for us to still get in touch with each other?” Gusto niyang tahasan nang hingin ang numero nito para masiguro na magkikita pa rin sila ng babae pagbalik nila ng Manila. Puwede rin niyang hingin iyon kay Glenn. Pero nais niyang masiguro na gusto rin nito na magkaroon pa rin sila ng ugnayan kahit sa labas ng Batangas.

Ibinaba ni Amanda ang kanilang mga kamay, kinabahan siya roon. May pakiramdam siya na hindi pabor sa kanya ang magiging tugon nito. Ang tanging konsolasyon niya lamang ay hindi pa rin binitiwang ng dalaga ang kamay niya.

“You’re a really great guy, Dex,” anitong pinisil ang kamay niya.

“Let me stop you right there, and let’s keep walking,” nakangiting biro niya habang marahang hinihila ang kamay nito, tiyak niyang ‘but’ ang susunod na salita.

Inilapat pa nito ang kamay sa dibdib niya, bagaman nakangiti, mukhang nakokonsyensya ang anyo nito. Lalo siyang nanghinayang dahil ang

gesture na ginawa nito ay nagpakita na hindi ito insensitive sa damdamin ng iba.

She was trying her best to let him down easy.

“Armand not only cheated on me, he cheated on me with one of my employees.”

Gusto ng binatang basagin ang mukha ng gago dahil nakuha pa nitong lokohin at bastusin ang babaeng sa tingin niya ay perpekto na.

Bakas sa mukha ng kaharap na nahihirapan ito sa paksa nila. Huminga siya nang malalim. “Look, you don’t owe me any explanation and you don’t have to worry about offending my feelings. Forget I asked, okay?” Ngumiti siya para patunayan dito na wala itong dapat ipag-alala.

“No, I need you to know that.”

*It’s not you, it’s me*, itinuloy ni Dexter sa isip ang classic na linya kapag ayaw na sa iyo ng isang tao. Katulad ng sinabi sa kanya ni Jean. Ang naiba lang, wala pa man silang nasisimulan ni Amanda, naririnig na niya ang mga salitang iyon.

“I like you, Dex. So much that it scares me.”

“Amanda, if what you’re trying to do is make things easy for me while you’re basically telling me to go take a hike, you’re failing.” Nakuha niyang tuksuhin ito. It was kind of bittersweet, sinabi nitong

ayaw na nitong magkaroon pa sila ng ugnayan, pero sinabi rin nito na gusto siya nito... gustong-gusto.

Tumawa ito bago siya hinampas sa braso, “Hey, I’m trying to be serious here.” Agad siyang sumeryoso. Pinagagaan lamang niya ang pag-uusap nila. “I just think it’s too soon to be involved with someone, no matter how great and...” Natigilan ito bago muling ibinalik sa mukha niya ang tingin.

“Attractive the person is.” Isang bahagi ng isip ng binata ang nakasilip ng pag-asa. Hindi naman siya nagmamadali, gusto lang niya na tingnan nila kung hanggang saan sila kayang dalhin ng kanilang mutual attraction.

“It’s not my face, then? That’s good because there’s nothing I can do about it,” biro niya. “But time, I’ve got plenty. And I’d bet my life savings, you’re worth the wait.”

Matipid itong ngumiti. “Thank you, hindi mo isinumbat sa akin that I gave you mixed signals.”

He gave her a lopsided grin, the things she had said and done, did confuse him. But he knew how difficult it must be for her to admit those things to him.

“I understand your misgivings,” seryoso niyang sabi mayamaya. “After what he did, mahirap na ulit magtiwala. And the fact that I just came from a bad

breakup myself, makes you question my timing.”

Parang may ulap na nahawi sa mukha ng dalaga. May bakas ng pagkamangha at paghanga sa paraan ng pagtingin nito sa kanya. Lalong naging mahirap para sa kanya ang pakawalan ito.

“You’re a really sweet guy, Dex. I wish I met you after I’ve already recovered from what he did to me.” Ipinilig nito ang ulo, “No, I really wish we met five years ago.” Tumiyad ito, kumapit sa mga balikat niya at inilapit ang mukha sa kanya. Tumigil ang paghanga niya nang ilapat nito ang mga labi sa gilid ng bibig niya.

Dexter lost the battle waging inside him in that split second. He turned his head slightly so that his lips touched hers. He parted her lips to kiss her deeper, an action he regretted as soon as he did it. The taste of her soft lips was not something he could easily erase from his memory. He probably gave Amanda another reason why she shouldn’t continue seeing him.

Napaatras ito at tumitig sa kanya.

Napahiyang napayuko siya dahil narinig pa niya ang mahinang pagsinghap nito matapos niya itong nakawan ng halik. “Uhm... I... I’d better go.”

He watched helplessly as she walked hurriedly away from him.